| Aralin 6 | الدرس السادس |
| --- | --- |

# Ang Ghusl

Ang ghusl ay ang paghuhugas o ang pagpaligo sa lahat ng bahagi ng katawan kalakip na rito ang pagmumumog at pag-singa sa tubig na ipinasok sa ilong. Nagiging sapilitan ang ghusl kapag nangyari ang isa sa anim na ito:

1. Kapag lumabas ang maníy dahilan sa pagnanasa, kagala-kang seksuwal, *wet dream*, at anupamang kadahilanan;
2. Kapag nakipagtalik. Itinuturing nang pagtatalik ang pag-pasok ng kahit dulo man lamang ng ari ng lalaki sa puwerta ng babae kahit wala pang aktuwal na pagtatalik o paglabas ng maníy;
3. Kapag nanaginip na nakikipagtalik at nang magising ay may nakitang lumabas na maníy, kailangang magsagawa ng ghusl. Ngunit kung wala namang nakitang lumabas na maníy, hindi na sapilitan ang ghusl;
4. Kapag tumigil ang regla o ang nifás (ang pagdurugo ng panganganak).

   **Ang unang tatlong nabanggit na kalagayan na nagi-ging sapilitan ang ghusl ay tinatawag na Janábah at ang babae o ang lalake na nasa ganitong kalagayan ay tina-tawag na Junub o taong nasa kalagayan ng Janábah.** Ang babae na nasa sandali ng pagreregla o nifás ay Junub din. Mawawala lamang ang pagiging Junub matapos na magsagawa ng ghusl.

5. Kapag namatay ang Muslim ay kailangang paliguan siya;
6. Kapag pumasok sa Islam ang isang di-Muslim.

## Mga Ipinagbabawal sa Junub

1. Ang pagsasagawa ng s̱aláh at ṯawáf.
2. Ang paghawak at pagdadala ng kopya ng Qur'án at ganoon din ang pagbigkas ng talata buhat sa Qur'án—may tunog man o walang tunog, buhat sa memorya man o direktang pagbabasa mula sa Qur'án;
3. Ang pananatili sa loob ng masjid ngunit ang pagdaan sa loob nito ay wala namang masama;